

Mochang Tanga Blog



MOCHANG TANGA BLOG

@MOCHANGTANGA









Kuta ng DDSS, Natagpuan!



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 11:04 PM • West Rembo, Makati •



MANILUH, Feelipinazz - Nakatuklas ang pulis ng pugad ng mga “Dutetrolls” o mga tagasuporta sa internet ng bagong pangulong Rudrigow Duteti.

Nagsagawa ng isang raid ang Feelipin National Pulis Patola (FNPP) at Feelipin Bureau ng Imbestigasyones (FBI) tungkol sa pugad ng mga tagasuporta ni Pangulong Rudrigow Duteti na Die-hard Dutetians Super Squad (DDSS) o “Dutetrolls”

Walang natagpuan sa nasabing gusali maliban sa 109 na abandonadong mga kompyuter unit at altar na may mga pigurin ni Pangulong Duteti.

Nakilala ang DDSS mula pa noong panahon ng pangangampanya bilang mga tagapagtanggol ni Duteti sa mga kritiko sa social media at sa ngayon ay nasasangkot sa ilang kaso ng cyber-bullying. Hindi pa matiyak ng mga awtoridad ang bilang ng kanilang mga miyembro sa kasalukuyan sa dami ng kanilang mga pekeng account at mga Fezbuk group at pahina.

Noong Abril, nagsampa ng reklamo ang isang estudyante ng Unibersidad ng Filipinazz-Los Banos Mustasa Campus (UFLBM) matapos makatanggap ng mga death threat at masasakit na salita sa text at sa Fezbuk matapos mag-post ng selfie kasama ang pangulo na may caption na “ang cute po ng ilong n’yo Mr. Prez hekhek”, na hindi nagustuhan ng mga miyembro ng DDSS.

“Ul*l! tangos mo a, taga-UFLBM ka pa man ding naturingan pero ang bobo mo, mamatay ka sana. Matakot ka na kahit saan ka man pumunta dahil ayaw mo ng pagbabago. Babantayan ka namin ng mga ka-DDSS ko,” nakasaad sa isang mensahe ng isang Fezbuk user na mayroong pekeng pagkakakilanlan sa website.

Nakaranas din ng pananakot ang isang 28-taong gulang na babae matapos maglabas ng hinaing sa mga buhok ng mga libo-libong tagasuporta na nagpa-mohawk noong nanalo ang pangulo sa halalan.

Aniya, “Bakit kayo nagpapa-mohawk lahat ngayon, ano ba ‘yan?? ‘Di niyo ba naisip ang implication n’yan sa hairstyle world?! Semikalbo kaya ang in ngayon tapos eepal kayo. Kakapasemikalbo ko pa nga lang kahapon kay Reki Reyaz e! Ugh.”

Ilan pa sa mahigit 500 mga mensaheng natanggap niya sa Fezbuk ang humihiling na magka-mohawk sana siya pagkagising, o kaya ma-rape at mamatay.

Inaako ng DDSS na mga miyembro nila ang mga nagpapadala ng mga mensahe sa mga kritiko nila at ng pangulo at nagsabing malakas ang kanilang samahan sa social media.

Nagsasagawa sila ng mga Twitty party paminsan-minsan at nagpapa-trend upang gumawa ng ingay sa social media at makahikayat pa ng mga social media user na sumali sa DDSS. Gumagawa rin sila ng mga pekeng account at mga pahina sa Fezbuk, dahilan din upang hindi sila agarang matunton ng mga awtoridad.

 12.3K 10K Komento 19.1K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi




Wa-bisa ang rehab, droga na lang ulit



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 9:23 PM • Guadalupe, Makati •


SBI PRISEDENT DUTERTI HULIHIN NIYA LAHAT ADIK, EH BAT ANDITO PA AKUH HAHA. WALANG QWENTA KC ANG REHAB. KKATAPOS NGA LANG EH, LAKAS PA AMATS KOH. DAMI KO KITANG PERA, DAMI BABAI SKA PARA AKOHNG NALIPAD. ANG SAYA PARANG LANGET LNG. MABOTI NA LNG TLAGAH DI AKOH DINALA RIHAB, KASI BKA DI KOH NAABOT ANG LANGET HAHA. KASE DAPAT SUSUKO NA AKOH NUNG MARTIS, TANDAH KOH PA NUN KASAMA KOH PARENG AMBO, SABAY KAME PUNTA NG BARANGAY PARA SUMUKO. ABA PAGDATENG NAMEN PARANG NAZARINO, HEHE, DAME TAO MGA MUKANG ADIK. PIRO SBI BARANGAY WALA DAW BAKANTI NA RIHAB SA MAKATE. NAGKAGOLO PA MGA BARANGAY DEH ALAM GAWIN, TAPOS NUNG OKI NA PINAUPO KAME SA LAPAG NG GEYM, DIKIT-DIKIT KAME SA LOOB, ANG ENIT PA TAGAKTAK PAWES. TAPOS LUMABAS UNG TAGA-BARANGAY, SABE NIYA PIRMA DAW KAME DUN SA PAPEL. UNG PAPEL DAW EH PANGAKONG DEH NA KAME MAGGAMET NG BATO. PAGKAPIRMA DAW PEDE NA KAME UWI, PAG-UMULIT DAW MAGGAMET HULIHIN NA TALAGA. EH DEH KATAPUS NAMEN PIRMA UWI NA KAME PARENG AMBO, SA BAHAY LANG AKOH NUN DEH AKOH LUMABAS. KINABUKASAN, DEH KOH NA KINAYA TINAWAG KOH PARENG AMBO TAS ALAM MU NA NANGYARE HAHA. PARA KASENG TANGA ETONG BARANGAY, LALO NA SI DUTERTI. NANAKOT PA NA "I HEYT DRUGS" TAPOS NUNG NAGSUKUAN NA MGA ADEK TIKLOP NA GUBYIRNO HAHA. SYIMPRI NAMAN, KAHET BA ADEK EH TAKOT DIN MAMATAY. EH DATE NGA KASAMA PA NAMEN SI PARENG ISKO, NUNG HULENG LINGGO AYUN BINARIL NA NG LESPU. NATAKOT DEN KAME AMBO KAYA KAME SUKO, TAPOS PAPIRMAHIN AT PAUWIIN DEN PLA KAME. DEH TULOY KAME NATIGIL,TULOY PA DEN KAME GAMIT BATO. HAHA, NAISIP MO UN. GUMAGAMIT KAMI NG BATO, TAS UNG HUMUHULE SA AMIN, BATO RIN PANGALAN HAHA. TANGA LANG DIBA HIHI. BUKAL NAMAN SAMIN NA SUMUKO, KASO ANG HIRAP PALA HANGGA'T WALANG PIPIGIL SAYO, AT YUNG IBANG KASAMA MO EH NAGAMIT PA DEN. SANA LANG DUMAMI NA RIHAB, BAKA MAGAYA AKOH KAY ISKO.

Laman ng liham:

Sbi prisedent Duterti hulihin niya lahat adik, eh bat andito pa akuh haha. Walang qwenta kc ang rehab.

Kkatapos nga lang eh, lakas pa amats koh. Dami ko kitang pera, dami babai ska para akohng nalipad. Ang saya parang langet lng. Maboti na lng tlagah di akoh dinala rihab, kasi bka di koh naabot ang langet haha. Kase dapat susuko na akoh nung martis, tandah koh pa nun kasama koh pareng Ambo, sabay kame punta ng barangay para sumuko. Aba pagdateng namen parang nazarino, hehe, dame tao mga mukang adik.

Piro sbi barangay wala daw bakanti na rihab sa Makate. Nagkagolo pa mga barangay deh alam gawin, tapos nung oki na pinaupo kame sa lapag ng geym, dikit-dikit kame sa loob, ang enit pa tagaktak pawes. Tapos lumabas ung taga-barangay, sabe niya pirma daw kame   dun sa papel. Ung papel daw eh pangakong deh na kame maggamet ng bato. Pagkapirma daw pede na kame uwi, pag-umulit daw maggamet hulihin na talaga. Eh deh katapus namen pirma uwi na kame pareng Ambo, sa bahay lang akoh nun deh akoh lumabas. Kinabukasan, deh koh na kinaya tinawag koh pareng Ambo tas alam mu na nangyare haha.

Para kaseng tanga etong barangay, lalo na si Duterti. Nanakot pa na "I heyt drugs" tapos nung nagsukuan na mga adek tiklop na gubyirno haha. Syimpri naman, kahet ba adek eh takot din mamatay. Eh date nga kasama pa namen si pareng Isko, nung huleng linggo ayun binaril na ng lespu. Natakot den kame Ambo kaya kame suko, tapos papirmahin at pauwiin den pla kame. Deh tuloy kame natigil,tuloy pa den kame gamit bato. Haha, naisip mo un. Gumagamit kami ng bato, tas ung humuhule sa amin, Bato rin pangalan haha. Tanga lang diba hihi. Bukal naman samin na sumuko, kaso ang hirap pala hangga't walang pipigil sayo, at yung ibang kasama mo eh nagamit pa den.

Sana lang dumami na rihab, baka magaya akoh kay Isko.

15.7K   20K Komento   20.1K na pagbabahagi

Gusto ko ito   Komento   Ibahagi

Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!
Gusto ko ito Mag-reply 666 5 oras

Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha
Gusto ko ito Mag-reply 666 9 oras

Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha
Gusto ko ito Mag-reply 666 11 oras




Mattel in Libingan ng mga Dedz na Hercules



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 6:56 PM • Project 6, Quezon City •



Ayon sa nagtatawas na kapitbahay ng lola ng kakosa ng katabi ko sa MRT kanina, ibinulong daw ni Marcuscus sa tutuli ng tainga ni DodoDirty ang kahilingang mailibing sa Libingan ng mga Dedz na Hercules. Ayon sa magtatawas na iyon, paliliparin ang kabaong ni Mattel papuntang Metro Manila. Pagkatapos, tatahakin nito ang kahabaan ng Echoserang Daanan Sa Achuarekrek (EDSA) habang nakapatong sa pedicab.

Nang maglakad ako sa kanto ng aming barangay, nadatnan ko ang mga lasinggerong tambay sa tindahan ni Aling Puday. Sinabi nila sa akin na kinausap daw sila ng apo ng matalik na manikurista ng tiyuhin na batchmate ni DodoDirty sa Mahika Law University na plano raw ng presidente na ipalibing si Mattel sa Libingan ng mga Dedz na Hercules.

Habang ibinababa ang ataul ni Mattel, isang Tsino ang paulit-ulit na manghihimas sa animo'y bolang kristal - ang panot na ulo ni Abnoy. Pagkatapos nito'y, itututok naman ni Imelduh ang kaniyang mga takong sa ulo ng mga babaeng kapatid ni Abnoy. Sa oras na mailibing na nga si Mattel, ipapasira naman ang libingan nina Bhozx Khori at Bhozx Ninaenae upang ipatapon sa Basura hills ang mga labi ng hangal na mag-asawa.

Napaisip tuloy ako kung nararapat ilibing si Mattel sa Libingan ng mga Dedz na Hercules. Bilang isang edukado at mapamahiing nilalang, kinuha ko ang natitirang hibla ng buhok sa aking napapanot na pusa at tinanong kung bakit kailangang mailibing si Mattel sa Libingan ng mga Dedz na Hercules. Sa pagod ko habang binubunot ang mga buhok - nakatulog ako, narinig ko ang pagkaluskos ng pusa sa bubong ng aking kapitbahay. Habang umuungol ito, narinig ko ang talatang ito:

"Oo, sige pa, ibaon mo. Hayaan mong sugurin ng iyong matikas na mandirigma ang nagngangalit na kuweba". Naalala ko tuloy ang aking nabasa sa isang tweet; isang mahiwagang mandirigma 'di umano si Mattel. Mag-isa niyang pinataob ang hukbo ng mga baklang pumila upang matikman ang kaniyang malaking hiyas. Napatumba niya ang mga ito sa isang labasan.

Mula sa simpleng pag-ungol, nagpatuloy ang aking mahiwagang pagtuklas ng mga kasagutan. Napanaginipan ko rin si Dovie Beams. Habang sinasakyan niya ang ipinasusugod kong mandirigma sa kaniyang pagmamay-aring kuweba, umungol siya tulad ng pusa sa bubong ng aming kapitbahay. Umungol siya at ibinulong sa aking mga tainga na magaling raw si Mattel sa pagsugod, pagpasok at pagpapaputok. Magaling din daw magtago si Mattel ng mga tingga na napupulot niya sa kasalada. Sa gabi, ibinabaon ni Mattel ang mga ito sa lupa at sinasabihang tumubo nang marami sa susunod na araw.

Kay raming aspekto ang aking nakita at minalas. Lalo kong naintindihan ang kagalingan ni Mattel. Lalo akong napaisip kung paano maging katulad niya. Nang pumutok ang armas ng aking mandirigma, tuluyan ding nagsara ang kuweba at naglaho na parang bula si Dovie Beams.

Sa aking paggising napagtanto ko kung bakit kailangan na ni Mattel na mailibing sa Libingan ng mga Dedz na Hercules. Nararapat siyang ilibing doon dahil napataob niya ang sandamakmak na beki gamit lamang ang kaniyang malaking hiyas.

 18.4K 14K Komento 13.3K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi




Acquittal Beauty Bar, Works Faster than 7 Days



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 4:40 PM • Katipunan, Quezon City •



"I've tried so many products, but nothing works faster than Acquittal!" –Glory Macapal-Ayolo, Acquittal Beauty Bar user

Hello DDS beauties! Oras na para sa isa na namang beauty review. Susubukan natin ngayon ang bagong produkto mula sa Karte Supremo na inilabas noong Hulyo 19. Tinawag nila itong Acquittal Beauty Bar na ipinapangakong gagawa ng malaking himala sa inyong buong pangangatawan. Magiging totoo na ang #ChangeisComing para sa ating pisikal na kagandahan!

ANO ANG ACQUITTAL?

Ayon sa packaging ng Acquittal, "Mula sa mga salamangkero ng Karte Supremo, inaalis ng Acquittal Beauty Bar ang lahat ng imperpeksyon sa katawan, mula sa pimples, acne, at ang pinakabagong formula na nagtatanggal ng neck brace at lahat ng klase ng sakit na plunder at pangungurakot virus. Tinatawag ito ngayong "miraculous soap" dahil sa isang iglap, gaganda ka na, lalakas ka pa!"

TRIED, TESTED, AND ACQUITTED

Para subukan ang produkto, kasama natin ang modelong si Glory Macapal-Ayolo na nakaranas ng matinding sakit sa buto dahil sa virus na plunder na nakuha niya mula sa maling paggamit ng pondo ng Peeleepeen CHARity Sweepsteak Ofiz (PCSO). Mula noon, nanatili na siya sa Veterano Memory Medical Center para mabigyang-lunas ang kanyang sakit, ngunit sa loob ng apat na taon, walang nagawa ang mga doktor.

Matapos ang isang gamit ng Acquittal Beauty Bar, agad na nawala ang hirap sa mukha ni Macapal-Ayolo! Ang lunas na hindi maibigay ng kanyang mga doktor ay naibigay ng Acquittal na ginawa ng 11 sa 15 na salamangkero sa Karte Supremo, siyam dito ay siya mismo ang nagtalaga.

Dahil sa Acquittal Beauty Bar, naalis ang dulot ng plunder virus! Nakaalis na si Glory ng Veterano at nawala na rin ang kanyang neckbrace.

"I've tried so many products, but nothing works faster than Acquittal!" wika ni Glory.

Sa ngayon, patuloy niya itong ginagamit at umaaasang kaya siya nitong patayuin mula sa kanyang wheelchair.

Bukod sa Acquittal Beauty Bar, kasama sa linya ng cosmetics ang Libing Instant Moisturizer na gagawin kang instant bayani, Pangmayaman Facial Wash na naglilinis ng lahat ng kaso at Extrajudicial Pore Eraser na siguradong magbubura sa lahat ng dumi sa mukha mo, at aalisin maging ang buhay mo!

Mabibili ang Acquittal Beauty Bar at iba pang mga produkto sa Karte Supremo, Palasyo ng Mekelengyeng at sa lahat ng ahensya ng gobyerno. Tanging kailangan gawin ay palihim na abutan ang saleslady o 'di kaya naman kaibiganin si Rude Dudirty para magkaroon ng pribelehiyong magamit ang produkto.



17.9K 23K Komento 14.5K na pagbabahagi

Gusto ko ito Komento Ibahagi



Mga Pusher ng mga Manikurista, Pinasuko ni Batoots!



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 4:20 PM • Anonas, Quezon City •



MANILA, Philippines – Binalaan kahapon ng pinuno ng Penoy NaShoenal Patolas (PNP) ang mga manikuristang nagtatago pa ng mga cuticle pusher sa kanilang mga manicure and pedicure toolbox.

Sinabi ni Chief Supt. Ronaldina "Batooots" de la Rosalina, ang inatasang PNP chief ni Pangulong Dugong, na dapat isuko ang mga pusher sa PNP, dahil nakasisira raw ito sa mga kuko dahil tinatanggal nito ang mga ingrown na tumutubo nang mas matigas kapag tinatanggal.

Simula Hulyo 1 hanggang 24 lamang, umabot na sa 300 daang cuticle pusher ang winasak, samantalang libo-libo naman ang mga pusher na kinumpiska ng mga Patola mula sa mga bahay-bahay ng mga manikurista.

"Kinakatok namin ang bawat bahay ng mga pinaghihinalaan naming may cuticle pusher at kinukumpiska ang mga ito, baka gamitin nila sa pedicure at manicure, eh makasugat pa.", sabi ni Batooots.

"Ang kapal na ng cuticle ko, pero kailangan eh sabi ni pangulong Dugong. Alam naman nating kabutihan lang ng ating mga kuko ang isinasaalang-alang niya", sabi ni Moks "Kapal Muks" Usong na kilalang nagtratrabaho bilang sexy dancer sa club Eh D Sa Puso Mo.

Ayon naman sa Commission on Cuticle Rights, taliwas daw sila sa ginagawang pagwasak sa mga cuticle pusher. "Imbes na wasakin, eh puwede naman sila i-recycle. Kapag putol, eh di lagyan ng bulak at puwede nang panlinis ng tainga o puson. Nasa tamang paggamit naman iyan", sabi ni Senador Lie Low de Anim na kilala ng mga manikurista.

"Sinasabi nila na masakit ang ingrown sa masikip na sapatos. Eh hindi naman sasakit 'yan kapag hindi tinatanggal lalo na kapag gamit ang pusher. The cause of the cause is the cause of the because", wika nga ni Pangulong Dugong sa kaniyang So Anuna (SUNA).

Inaasahan dadami ang mga mawawasak na cuticle pusher sa bansa habang pinagpapatuloy ng administrasyon ang gyera laban sa mga ito.

 24.2K   12K Komento   14.3K na pagbabahagi


 Gusto ko ito    Komento    Ibahagi

 Zhainang nasupalpal ayaw pa ring pakabog



Mochang Tanga Blog

Miyerkules, Agosto 3 ng 4:20 PM • Anonas, Quezon City •



Buong bansa ang nagdiwang sa hindi malilimutang #Zhexit ngunit gaya ng inaasahan, wapakels ang Zhaina.

Matapos ilabas ng tribu sa Haugegy ang resulta ng kanilang kumplikadong rabbitration, naboom panis nang bonggang bongga ang Zhaina. Siyempre dahil daig ng Zhaina si Bangbang Marckus, hindi sila papa-pak ng ganern ganern na lang. Agad-agad silang naglabas ng pahayag kung saan sinasabi nilang "isa lamang papel ang desisyon ng tribu at walang makakapigil sa 'men!!" Hindi rito nagtatapos ang hindi-kami-papatalo drama ng Zhaina.

Ilang araw lamang makalipas ang paglabas ng desisyon ng tribu sa Haugegy, nagpakita sila ng panibagong mapa na nagmamarka ng kabuuan ng kanilang teritoryo. Ngayon, mukhang hindi na sila nakuntento sa Asya kaya nilabas nila ang isa na namang historical map na nagpapakitang umaabot na ang teritoryo nila hanggang Hawayiyi.

Aba'y tingnan mo nga naman, dati rati Biyetinam, Tay1, Hop-on, at Feyliubin lamang ang katunggalian ng Zhaina. Ngayon, tangka na rin yata nilang hamunin ang sisterette nating bansa.

Sabi nga ng isang Zhainetizen, "hindi na pwedeng lumiit pa ang Zhaina!" Pagkaliit-liit nga naman ng Zhaina. Nasisikipan na kasi ang mahigit 1.357 bilyong mamamayan nila.

Paano naman kasing hindi sila masisikipan? Puro establisiyimento. Panay negosyo. Kung pruweba naman ang hanap para sa pagsikip kuno ng Zhaina, hindi pa ba sapat ang patuloy na pagdagsa ng mga Zhainess sa bansa para mamuhay? Ayaw na kasi nilang makipagsiksikan pa. Bakit ka pa kasi makikipagsiksikan kung alam mong may nakalaan naman na para sa 'yo?

Ani pa ng ilang Zhainetizen,"Ang amin ay amin, hindi na dapat mabawasan pa ang siyang amin!" Oo nga sa inyo na lahat. Kunin niyo na lahat. Gaya nga ng sabi ni Anghelinya Queento, kunin niyo na ang lahat sa akin, huwag lang ang aking mahal (Mabuhay ang feyliubin! Mahal namin ang feyliubin!)

Kung dati siyam dash linya, ngayon mukhang heto na nga ang kanilang 123456789 dash linya na unti-unting sasakupin na ang buong mundo. Malay natin, bukas pati Angtartica sa kanila na rin pala. Nako, sa isang araw buong mundo na ang pag-aari nila!

 14.3K 13K Komento 14.3K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi



Pia Ratsada I'm not a DeDS fan but I cannot stand Juterteh's opinion on media killings. Syempre baon nila sa trabaho ang kanilang passion na maghatid ng katotohanan, hindi naman basta hulihin lang at barilin ng mga buwayang pulitiko na yan. Eh kung patayin nila ung sa Maguindanao ginawang lego ung mga reporter, wag ganern mga bes.

Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras



Ket de Castor Ah so passion na pala ang mangurakot ngayon. Oo nga trabaho niyo ilabas ang katotohanan, pero duh parang mas labidabs niyo ang datung kesa ang trot kaloka. Kaya dapat lang talaga na patayin ang mga korap na journalist na yan, dami na nga buwaya dadagdag pa kayo.

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Pia Ratsada Oo, totoo namang may mga journalist na binabayaran kapalit ng katotohanan. Pero dahil sa ganun lang kailangan agad-agad na silang ma-Deds? Parang di naman ata tama un. Kung ung mga adik nga sa kanto pinagtatanggol niyo dahil tao sila, eh bat mga journalist hindi, tao din naman sila ah. Kaloka tong mga impaktang to, makasabi ng patay akala mo pinsan ni Lord maygahd.

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Ket de Castor Makasabi ng "kaloka" at "impakta" eh di ano na lang tawag sa kanya – TANGA? haha. uy gurl, journalists and pinag-uusapan dito hindi mga adik haha... Mga ka-DeDS, parang may boplaks na bumabalimbing sa atin haha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Pia Ratsada Oo nga ate gurl, magkaiba nga ang mga journalist sa mga drug users, pero iisa lang ang dahilan kung bakit natin sila parehong binibigyan ng karapatan sa due process diba, dahil BUHAY ang nakataya kung sakaling nagpadalos-dalos ang lahat. Buhay to teh, kaya mo ba ibalik kung sakaling di pala kurap ung journalist. Kaloka ka. Hindi importante kung kurap o hindi, ung safety ng journalist ang pinag-uusapan dito gurl. Un bang habang nagbabalita ang journalist eh walang ice pick na nakatusok sa tagiliran niya. Alam mo bes, kung talagang gusto ng tatay mong maging safe ang ating mga bahay at buhay, dapat lahat makatikim nun, pati mga journalist. Oh ayan na, sumakit brains ko sa dami ng comments.

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Open Letter to Arteneans



Mochang Tanga Blog

Martes, Agosto 2 ng 11:04 PM • South Cembo, Makati •



An Open Letter to Yellow minion Arteneans from an Artenean:

Before everything else, I just want to clarify po na hindi ko po ginusto na mapunta ako sa Arteneow. Nagkataon lang po na ayaw po ng parents ko ng dangerous environment para sa akin. Kasi po sa Arteneow, halos wala pong rally 'di katulad sa YuPe. Akala ko po wala pong political involvement ang mga estudyante.

At tama nga po. Wala po silang involvement. Ayaw po nila sa pagbabago na hinahain ni Pangulong Dugong at ni Bingbong BlengBlong Markus the best tandem we never had. Tapos po saksakan po ang pagsakay nila sa kampong dilaw. You Arteneans are nothing but yellow ass lickers!

"Great power comes great responsibility", sabi nga ni Benjamin Parker kay Zipperman. You know, the vice president of the Phil Lee Pins is the second highest position in the country but ShaLeni RoBreado had the guts to cheat. Tapos pinagtatakpan pa po ng mga ibang Artenista. Kaway-kaway sa mga natamaan diyan.

Alam n'yo, hayaan ninyo akong patunayan na indeed ShaLeni cheated her way to victory. Because all your comments are bias and you need facts.

First. Naplano na 'yan ng mga kampon ng dilaw. Alam po ng Lullaby Party na lalampasuhin po ni Dugong si Manolito Rehas by an average margin of votes 6789.9987 (Totoo po yan. Numbers don't lie). Kaya po nila pinili si ShaLeni kasi namatay po 'yung asawa niya. Eh 'di ba po kapag namamatay ang asawa, nananalo sa election? Hindi raw po kasi nila maisakripisyo si Kurinabells Sanchezwhiz para manalo ang asawa niyang si Mar. Tinago nga po si Kurinabells sa Arteneow campus habang kinukuha niya ang kanyang masters diyan! Kasi talagang susunugin na po dapat nang buhay si Kurinabells sa altar ni Panotnot upang isakprisiyo ang kaniyang buhay. Patunay lang po na kasabwat ang mga Arteneans na iyan.

Which leads me to my second point po. Papalitan po ni Shaleni si Pangulong Dugong! Tingnan ninyo po. Dahil hindi mananalo si Mar, si Leni na lang po ang magiging kapalit niya. Alam n'yo po ba na may binabalak si Antonino Fourllanes na i-impeach si Dugong matapos daw pong magtago ng dragon si Dugong sa bangko. 'Di ba po ang tanga? Tapos po kapag naging pangulo na si ShaLeni, ipapatupad niya rin po ang mga plataporma at mamumuno katulad ni Panotnot. Nakakatakot po 'di ba?

Panghuli po. Marami po silang Ad Hominem na binabato kay Blengblong. Anak daw po ng diktador kaya hindi dapat iboto. Eh 'di ba po the sins of the father are not the sins of the son? Porke mayayaman po sila, hindi po nila kayang bumaba sa kanilang Ivory Tower at tumingin sa estado ng mga mahihirap. Mga rich kids. Mga walang modo. Katulad si ShaLeni na kamukha ni Sponge!!! Kasing bobo si spongebob! Mga bias!


Para sa mga Arteneans, move-on din po kapag may time.

-Your average JejeGirl

ADMU BSBA 2018

 29.2K 23K Komento 19.3K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi




Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras




Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras




Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras



Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras




Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha


Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Mochang Tanga Blog

Martes, Agosto 2 ng 9:28 PM • Kapitolyo, Mandaluyong City •











Kahit sino ka pang nagbabasa nitong artikulong ito, imposibleng wala kang account sa Fezbuk, o kahit anong social networking site, mapa-Twitty, Tambling o ano pa man iyan. Ikaw, kasama na ang libo-libong social media users sa buong mundo, gumagamit nitong websites upang makakuha ng impormasyon, makibalita, at upang makilala.

Sa ganitong sitwasyon sa social media, kailangan mo maging aktibo, ngunit paano mo nga ba malalaman kung ikaw ay isang matalinong social media user? Ito ang ilan sa mga katangian at kondisyon:

1. Parehas ang "social media" at "social networking site" na mayroong "social" kasi iyon ang dapat mong ikilos. Dapat sosyalin ka, iyong kahahangaan ka ng tao at marami ang mga like mo sa Fezbuk. Kung sosyalin ka, dapat galing kahit kanino ang mga like sa'yo, kahit hindi mo pa iyan kilala, Aravo man 'yan, Feenoi o Chanis. Dapat alam mo ang gustong makita ng mga tao sa Fezbuk wall nila, dibdib mo man 'yan o profile picture mo na may hawak na maraming pera na kunwari sa'yo ngunit galing sa tinda-tindahan pala ng cashier wannabe na little sister mo.

2. Iyong salitang "media" naman ang pansinin. Bilang aktibong social media user, nararapat lang na makilala mo ang sarili mo bilang alagad ng katotohanan. Parang iyong mga nasa media lang, mga reporter, o writer. Hindi ka nahuhuli sa balita, at ikaw rin ang tagapagpakalat ng balita sa iba, kaya mga piling news site at blog lang ang pinagkukunan mo ng impormasyon. Syempre, may impresyon ka sa mga tagasunod mo sa Fezbuk kung ano ba ang kinikilingan mo at nang mahikayat mo rin sila na gayahin ang pag-iisip mo. Magagandang halimbawa ang Puchero Chronicles, Mocha Vanilla Ang Uso Blog, BeTrueFeelipins.COM, at FeelipinTrends.com sa mga maaasahang website na may kinikilingan upang maging source mo.

3. Kapag nakikilala na ang iyong mga paninindigan sa katotohanan, darating na ang mga hater mo. Babatikusin at magkokomento sila sa mga post mo na walang katotohanan ang mga ibinibahagi mo sa Fezbuk. Hindi ka magpapaapi, ipagtatanggol mo ang paninindigan mo. Mumurahin mo, at aatakihin mo nang personalan sa bahay sa harap ng pamilya niya para matuto. Ipinaglalaban mo ang kandidato mo kahit anong argumento man ang ibato sa kaniya. Ganoon ka ka-loyal. Sa mga away sa social media, may beastmode at kunwari kalmado -- ikaw 'yung nauna.

4. Alam mo na ang iyong komunidad, dapat solid. Kung ano ang iyong pinaniniwalaan o sino man ang iyong iniidolo, mapa-pulitiko man 'yan o artista, dapat ganiyan din ang nakikita mo sa wall mo sa Fezbuk. Ang mga friend mo katulad mo sa ganoong bagay. Kung may kaibigan kang kritiko na hindi mo makumbinsi at salungat talaga sa iyo, masisira ang araw mo sa mga ibabahagi niya kaya bukod sa pagpindot mo sa unfriend button, isasama mo na rin ang pagblock at pagreport sa kaniya sa Fezbuk, pati sa mga pulis. Dadalhin mo ang pangalan niya sa isang mangkukulam at pagkatapos, hindi mo na dapat makita ni anino niya.

5. Kailangang makilala ng mundo kung ano o sino ang iyong ipinaglalaban. Iaangat mo siya laban sa kahit ano. Sisiraan mo ang mga ka-level niya na sikat. Maghahanap ka ng isang news article kung saan magkokomento ka ng tungkol sa iyong pinaglalaban na bukod sa makakakuha ka ng atensyon, puwede mo silang inisin o patawanin basta epal, kumbaga sparking off a discussion.

6. Kailangan man makilala ang iyong pinaglalaban, hindi ka dapat makilala ng kahit sino. Mayroon ka dapat ng napakaraming fake accounts, parang mga alter ego mo. Sa pagsikat ng iyong prinsipyo o idolo, marami kang makakabangga gaya ng mga haters. Mas matalino ka sa kanila kaya kahit anong report nila sa'yo sa Fezbuk man o sa pulis, mauunahan mo na sila at hindi ka nila matutunton. Sabi nga sa isang sikat na rap, "We don't die, we multiply."

Special Bonus: Sa tuwing may aatake sa iyo gamit ang isang malaking kamalian ng iyong idolo, halimbawa ang iyong pangulo mo pala ay dating tagawaldas ng mga buwis sa kaniyang paboritong arcade place at hindi pa nakakapagbayad sa taong-bayan, hindi ka magpapatalo sa debate bagkus magtatapos ka sa isang napaka-inspiring na mensahe ng pag-momove on at pagpapatawad. Kung mayroon ka nitong mga ugali, biniyayaan ka ng espesyal na talino at puso bilang isang social media user.

  17.1K 12K Komento 16.1K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi



You da Wan Mani Pakganern!



Mochang Tanga Blog

Martes, Agosto 2 ng 8:14 PM • Tabing Ilog, Pasig •



Habang naglalaro ng piko sa ulan, mayroon akong nakitang pastor na bagong salta sa baryo namin. Tumakbo ako patungo sa kaniya at nagtanong tungkol sa mga bagay na bumabagabag sa akin. "Ano po ang ginagawa ninyo sa inyong sambahan?" Sinabi niya sa akin na nagtotongits sila tuwing nandoon sila sa sambahan. Minsa'y nagkakarakrus at inihahagis ito sa bibliya. Kung saang parte ng bibiliya lumusot ang barya, iyon ang ipababasa nila sa kanilang mga aso at ipabubulong ang mga numerong maaari nilang tayaan para sa Keno.

Nang tumila ang ulan, lumabas naman sa isang barong-barong ang ilang mga maskulado na mag-eensayo ng boksing. TInanong ko sila kung ano-ano ang ginagawa nila kapag naghahanda o nag-eensayo sila. Sabi ng mga maton, mayroon daw dumarating na matrona sa kanilang pinageensayuhan. Hinigop ng matronang ito ang kanilang lakas at tuluyan silang nanghihina. Matapos mahigop ang lakas nila, sinusuntok nila ang isang pader na kailangan nilang matibag dahil gagawa ng bagong gym para sa mga sanggol.

Napaisip ang patay kong Lolo kung makatutulong ba ang pagiging Pastor at Boksingero sa pagiging Senador ni Mani Pakganern. Ibinulong ng aking Lolo ang napag-isipan niya sa aking binging Lola. Ayon sa aking Lola, makatutulong ang pagiging Pastor at Boksingero ni Mani sa kaniyang pagiging Senador. Maaari raw gamitin ni Mani ang kara krus at imbis na sa bibliya palulusutin ang mga barya, sa sandamakmak na Bills ito ipatatama. Kung saan ito lumapag, ito ang batas na kanilang ipapasa sa Senado. Magagamit ni Mani ang mga matrona sa paghigop hindi ng lakas ng mga senador, kundi ipahihigop sa mga ito ang tulo mula sa sirang alulod ng Senado. Nang sa gayon, hindi kailangang matuluan ang mga isda sa aquarium ng tindera ng sigarilyo sa labas ng Senado.

Kinausap ko rin ang dakilang tsismosa na kaibigan ng kumpare ng kambal ng barbero na kapatid ng nagtitinda ng taho sa kabilang Barangay, Tinanong ko sa kaniya kung ano ang bagong tsismis sa kung ano-ano ang gagawin ni Pakganern sa Senado. Ayon daw sa sekretarya na nakasiping ng kaniyang inaanak, balak daw ni Mani na magpasa ng batas na hahayaang lumiban ang kahit sinong pulitiko basta ang dahilan ng kanilang pagliban ay ang boksing, bible cutting, basketbol at pag-eensayo ng "You Know?"

Wala nang iba pang kwalipikadong maging isang Senador kundi si Mani. Itinataya ko ang salawal ng yumao kong Lolo na magiging epektibong Senador si Mani. Lahat ng kwalipikasyon upang maging Senador, makikita lamang kay Mani. Kung maaari nga lang, dalhin niya sa Senado si Mommy Dionisia upang gawing commentator ng bawat sesyon ng Senado.

 10.9K | 15K Komento | 13.9K na pagbabahagi

 Gusto ko ito |  Komento |  Ibahagi



Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras




Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras



Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras

 Beshies before inang baeyan



Mochang Tanga Blog
Martes, Agosto 2 ng 5:38 PM • Santa Ana, Pateros •



Mga kababayan, itigil na po natin ang pambabatikos kay Mukhang Usong.

Nagsimula po kayo nang inatasan siya bilang social media consultant ng Bureau of Condoms (BOC) ni pangulong Dugong. Bilang kume ng Customs, nais ko lang pong sabihin na hindi pa po qualified si Mukhang Usong.

Sa aming pamantayan po, hindi po sapat ang credentials niya kahit meron siyang degree in journalism mula sa Eh Di Sa Puso Mo Club at kahit pa po nag-masters siya sa The Krusty Krab. Kulang pa po yung experience niya ng pagcocover ng mga isyu katulad ng usapin dati tungkol sa RH law at deborsyo para maging qualified social media consultant ng BOC.

Dapat po umabot muna sa 10 million ang followers niyat magagawa niya yun hindi sa pagcover ng mga isyu kundi sa paggawa ng isyu. Dapat magkalat siya ng sex scandal. Para kumalat iyon, kailangan pati rin ang mga kasama

niyang Kapal ng Mocha Girlz magkalat din ng scandal. Willing naman po ako maging partner nila hehe.

Sakto mate-test yung mga produkto ng kawanihan. Sa pamamagitan nito lang po siya magiging qualified. Nais ko lang pong sabihin na maari pa rin po siyang mag-post sa kaniyang blog tungkol sa mga proyekto ng BOC. Itigil na po natin ang pangba-bash sa kaniya. Salamat po.

19.7K 19K Komento 19.9K na pagbabahagi

Gusto ko ito Komento Ibahagi

Homogenous Esperongagalac Mabuhay ka Mukhang Usong. Sisiguraduhin kong ligtas ka sa mga nagbabanta . I'll defend you.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras

Janette Napapulis Ay bes ko yaaaan, very protective. Secure ka talaga sa kaniya.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras

Homogenous Esperongagalac Salamat Janet. MukhangUsong Pakumusta pala kay Gwenn Garci. Pakisabi, "hello".
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras

Kapre Dy Aguila Mukhang Usong, ilang taon ka na? I'm willing to be your partner too. Sabi nga nila age doesn't matter. Miminahin kita nang husto.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras

Mark Villar Gina Lopez #triggered
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras

Gina Lopez Mark Villar Decency please, sumbong kita sa dad mo eh at kay mommy Cynthiaya mo. Kapre Dy Aguila, bakit di ka mag-focus sa balak mong pagpalitin ang puwesto ni Rizal at ng kalabaw?
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras

Gina Lopez Mukha dear puwede ka sa DENR bilang Social media consultant. Feeling ko kailangan kita sa pagkakalat sa taumbayan na masama gumamit ng kaldero. #NoToMining
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras

Salbador Talo Scandal ba kamo? Magaling dati kong client diyan. 'Di ba Rabongbong Revilla, naalala mo noong nagnakaw ka ng adobo sa kapitbahay tapos nakunan ka ng video. Trending ka nun gago haha.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras

Rabongbong Rebilla 'Di po ako kumain noon ng pork. Beef po kinain ko. Beef.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras

Anal Ampatuan Oo. Pucha nakita pa sa video na nahulog yung shorts mo at nakita brief mo dahil natataranta kang tumakas. Ulol, ang daming shares ng video na yun! JEJEJEEJ
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras

Rabongbong Rebilla Ssshhhh. Gusto mong ma-massacre?!
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Simpleng-Simple Lang Talaga



Mochang Tanga Blog
Martes, Agosto 2 ng 3:41 PM • Uptown, Taguig City •



Wala nang kakabog pa kay bagong panggulong Dorterti dahil sa isang sobrang simpleng bagay na mayroon siya na wala sa iba –kasimplehan.

Sino pa ba ang panggulong kilala nating nagpapahanda ng pandesal at mga kakanin sa mga ispesyal na okasyon? Hindi ba't siya lang? Pati munggo't pritong saging, hindi ba't siya rin lang?

Lahat nga siguro ng mga nakaraang panggulo gumamit ng pambansang kasuotan, ngunit siya lamang yata ang nagpapagawa nito sa maliliit na panahian o mga simpleng (gaya niya) mananahi o sastre.

Bahay niya? Hindi mansyon. Simple lang din. Pamilya niya sobrang simple rin.

Nakipaghiwalay lang naman siya sa kanyang asawa, at nagkaroon muli ng anak sa iba pang babae. Ang daling intindihin ng buhay niya, hindi ba? Simple lang kasi.


Katangi-tangi rin siya dahil sa kaniyang pagtanggi sa special treatment tuwing bibiyahe. NAIA iyon. Alam naman natin kung papaano ang proseso ngunit ayaw daw niyang mabigyan ng special treatment dahil dapat pantay-pantay lahat ng pasahero. Hindi niya gustong maging sagabal sa kanila. Iba po talaga siya.

Plataporma nga niya, kay simple rin! "Myghad, I heyt drogzzz." Ohhh kabog! Ano na nga ba ang gagawin niya ukol sa ating pakikipagtunggali sa Zhaina para sa Huwes Pirripin Sy? "Mag-jetski ako papunta dun." Sabay dadalhin daw niya ang watawat ng bansa at saka itatanim ito roon. Baeyani pong totoo. Sumigaw ang isang ate, "Hala! Pusher itong katabi ko!" Sa isang iglap, bang! deds ang suspek. "Ate, ligtas ka na." Isa na namang kabayanihang ipinamalas ng ating panibagong panggulo. Mabilisan kasi itong gusto niya. The faster, the better nga raw po.

Anong say niyo? Ang simple niya diba? Napakapayak. Madaling intindihin. Iyan ang ating bagong panggulo. Simpleng simple talaga.

 11.4K 17K Komento 16.2K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi


Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!
Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras


Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras


Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras


Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!
Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras


Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras





Mochang Tanga Blog
Miyerkules, Agosto 2 ng 2:13 PM • McKinley Hill, Taguig •

Mga ka-DeDS, bukod sa droga, mga makikitid na utak ang isa pang kalaban ni Tatay Digong.



Ano masasabi niyo sa tangang ito, mga ka-De-D-S?

 20.1K   19K Komento   18.3K na pagbabahagi

 Gusto ko ito    Komento    Ibahagi



Chimmy Bolkan Salamat ate Mucha sa paglalabas ng opinyon ng mga tangang ito. Magmula nang maupo si Tatay Jigong, wala nang ginawa ang mga hungkag kundi kontrahin lahat ng sinasabi niya.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras



Ket de Castor Eh totoo naman sinasabi ni tatay Jigong eh, bayaran naman talaga yang mga journalist na yan. Kakapit sa mga mayayamang pulitiko tas iintrigahin ung kalaban para matalo sa eleksyon. Marami yan dito sa Laguna.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Pia Ratsada I'm not a DeDS fan but I cannot stand Juterteh's opinion on media killings. Syempre baon nila sa trabaho ang kanilang passion na maghatid ng katotohanan, hindi naman basta hulihin lang at barilin ng mga buwayang pulitiko na yan. Eh kung patayin nila ung sa Maguindanao ginawang lego ung mga reporter, wag ganern mga bes.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras



Ket de Castor Ah so passion na pala ang mangurakot ngayon. Oo nga trabaho niyo ilabas ang katotohanan, pero duh parang mas labidabs niyo ang datung kesa ang trot kaloka. Kaya dapat lang talaga na patayin ang mga korap na journalist na yan, dami na nga buwaya dadagdag pa kayo.

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Pia Ratsada Oo, totoo namang may mga journalist na binabayaran kapalit ng katotohanan. Pero dahil sa ganun lang kailangan agad-agad na silang ma-Deds? Parang di naman ata tama un. Kung ung mga adik nga sa kanto pinagtatanggol niyo dahil tao sila, eh bat mga journalist hindi, tao din naman sila ah. Kaloka tong mga impaktang to, makasabi ng patay akala mo pinsan ni Lord maygahd.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Ket de Castor Makasabi ng "kaloka" at "impakta" eh di ano na lang tawag sa kanya – TANGA? haha. uy gurl, journalists and pinag-uusapan dito hindi mga adik haha... Mga ka-DeDS, parang may boplaks na bumabalimbing sa atin haha
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Pia Ratsada Oo nga ate gurl, magkaiba nga ang mga journalist sa mga drug users, pero iisa lang ang dahilan kung bakit natin sila parehong binibigyan ng karapatan sa due process diba, dahil BUHAY ang nakataya kung sakaling nagpadalos-dalos ang lahat. Buhay to teh, kaya mo ba ibalik kung sakaling di pala kurap ung journalist. Kaloka ka. Hindi importante kung kurap o hindi, ung safety ng journalist ang pinag-uusapan dito gurl. Un bang habang nagbabalita ang journalist eh walang ice pick na nakatusok sa tagiliran niya. Alam mo bes, kung talagang gusto ng tatay mong maging safe ang ating mga bahay at buhay, dapat lahat makatikim nun, pati mga journalist. Oh ayan na, sumakit brains ko sa dami ng comments.
Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Dilawan Dead Squad, Nadagdagan na Naman!



Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 11:13 PM • Cubao, Quezon City • 



Isa na namang lalaki ang natagpuang nakahandusay matapos pagbabarilin sa Esteven Abakada Street, Quiznos City ngayong Agosto 21 nang ala-una ng madaling araw.

Nakatali sa plastic straw ang biktima at may nakapatong na karton na sinasabing "Wag tularan, nakadilaw ako." Nakadilaw na damit ang duguang biktima at iinom sana ng pineapple juice. Ayon sa mga pulis, ito marahil ang dahilan kung bakit pinagbabaril ang 30 anyos na lalaki.

"Nakita ko 'yan sa may 8-eleven, bumibili ng pineapple juice. Nagulat na lang ako, pagkalabas, nakarinig na 'ko ng maraming putok. Pero hindi ko na pinansin, gabi-gabi naman nangyayari 'yan dito sa atin eh," wika ng isang tricycle driver na nakakita sa biktima ilang minuto bago ang pamamaril.

Ayon sa mga testigo, nakakatuwa 'di umano na nadagdagan na naman ang Dilawan Dead Squad (DDS) na tumutukoy sa pagpatay sa mga tagasuporta ng magnanakaw na si Penoy. Palatandaan 'di umano ng #Penoytards ang pagsusuot ng kulay dilaw.

Nasa ilalim ito ng Oplan Rid Of Dilawan and Yellowtards (RODY) na inilunsad ni Pang. Rude Dudirty at ng consultant niyang si Cappucino Puson. Isang itong kampanya ng pangulo na naglalayong mabawasan ang bilang ng mga krimen at magkaroon ng kapayapaan sa bansa.

Upang mapabilis ang pagsasakatuparan nito, hinihimok ng pangulo ang mga mamamayan na hanapin ang mga Dilawan at subukang puksain ang mga ito na parang mga peste o salot sa lipunan. Handa ang pangulo na magbigay ng pabuya kung mahuling patay o buhay ang mga ito. Aniya, "magbabayad ako ng 100 milyon kung patay, at 99.99 milyon kung buhay!"

Iisa lamang ang biktimang ito sa 669 nang napatay na nakasuot na dilaw. Pinaghahanap pa ng mga pulis ang mga suspek upang parangalan sa nakabibilib na pagpatay.

Sa kasalukuyan, wala pang pagkakakilanlan ang biktima, ngunit hindi na ito mahalaga dahil dilawan naman siya: harang sa pagbabago.

 16.2K   10K Komento   11.1K na pagbabahagi

 Gusto ko ito    Komento    Ibahagi




Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras



Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 9 oras



Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha

Gusto ko ito Mag-reply • 666 11 oras



Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply • 666 5 oras



Duteti: Emergency Powers Ko Ang Solusyon



Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 10:52 PM • Project 2, Quezon City •



MANIWALA, FEELIFINAS – Sa isang pahayag ni Pangulong Rude Rigong Duteti mula sa Malakanyakanya, sinabi niyang may nakahanda nang solusyon sa matagal nang problema sa trapiko.

Una niyang ibinida na lilinis daw ang Ilog Pasiguro "in a blink", sa pamamagitan ng pagbuhay ng serbisyo ng ferry ngunit makapangyarihan na ito dahil makakasisid na ang mga ito tulad ng submarino at maglilinis ng mga dumi ng ilog habang bumibiyahe. Tatawagin itong Ferry the Platypus na ang pinagmulang inspirasyon ay ang lumalangoy na hayop.

Gamit din ang kaniyang kapangyarihan, makakapagpabukas na raw si Duteti ng mga saradong daan at makakapagpagawa ng mga bagong kalsada at ruta sa "isang pitik lamang ng kaniyang mga daliri" o "psychic powers" niya raw.

"Unang-unang tutumbukin nitong plano ko malamang ang pasakit sa 'ting traffic sa EDSAKIT. Kapag sinabi kong bubuksan ang mga pribadong daan sa mga subdivision para daanan mula EDSAKIT, bubukas 'yan mag-isa."

Nang tanungin naman ukol sa plano sa transit system, aniya, "Ang mga tren hindi lang dadagdagan at pabibilisin, paliliparin na rin lahat gaya ng naunang proyekto sa M-Arte 3. Yung iba sa himpapawid para sa mga tatawid ng mga isla, sa mga within Maniwala, ikakable na natin ang mga M-Arte at L-Arte, para bang cable car."

Sa ganitong malaking panukalang solusyon sa transit system ng bansa, masosolusyunan na rin nito ang congestion sa NAHIYA airport sa pagbabawas ng mga domestic flight.

"Iyang mga kolorum na 'yan, mahirap mahuli at madistinguish sa pribado dahil sa mga one way glass windows pati sa hirap ng pag-alam sa tunay na rutang dapat tinatahak nila. Kapag nabigyan ko na rin ng x-ray vision at super instinct ang mga enforcer ng MMDAS, siguradong wala nang lusot ang mga 'yan."

Hindi malinaw na ipinaliwanag ng pangulo ang kaniyang nasabing "powers" at saan ito nagmula ngunit ang tanging malinaw lang ay tiyak na hihingi siya ng tulong sa Kongreso. Sa halip, humihingi lamang siya ng tiwala at suporta ng Kongreso at taong-bayan upang magamit niya ang kapangyarihang nabanggit.

Ilang beses na ring nabanggit ng pangulo ang kaniyang tagong kakayahan sa pagresolba ng mga problema sa bayan na kaniya nang nagamit daw noon sa lungsod ng Dabaho habang nanunungkulan bilang alkalde.

Resulta raw ang kung ano ang Dabaho ngayon ng kaniyang tagumpay sa paggamit ng kaniyang kapangyarihan kasama ng kaniyang mga kapamilyang tumulong din sa pagsasagawa nito. Nakilala nga sa Dabaho ang makapangyarihang pamilya niya bilang Duteti's League Unlimited.

"Pero dili ko kayo pinipilit ah, pero kayo mamili, magtitiis pa rin ba kayo ng ilang taon bago masolusyunan o itong suggestion ko, in four months sabi ko sa inyo, malinis 'to, walang korupsiyon," dagdag pa ng pangulo.

Kasama ang mga planong ito sa pangakong solusyon ng bagong administrasyon sa mga krisis na hinaharap ng bansa kasama ng kriminalidad at droga na sinasabing sisimulan sa Kalakhang Maniwala.

"Sa tindi ng problema natin diyan sa traffic, ipinapangako ko may magagawa ako agad. Bigyan n'yo lang ako ng apat na buwan giginhawa 'yan, I tell you. I hate traffic. Jusmiyo," ani ni Pangulong Duteti.

"Permission" lang daw ang hinihingi niya at tiwala upang maisakatuparan ang panukalang solusyon sa krisis na ito, na para bang nanghihingi talaga siya ng mga ito, as if may makakahindi pa.

 19.2K   12K Komento   11.4K na pagbabahagi

 Gusto ko ito    Komento    Ibahagi



Ang Tanga ni Krizzy Aquino, Oh My God, Nakakaloka



Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 8:14 PM • Commonwealth, Quezon City •



Di ko alam kung pwede to i-post, but this is an actual transcript of Krizzy Achenes' interview with Doray Vigornius sa isang radio show sa DZ-EHM-EHM. Copy them first baka burahin ng facebook, para makita ng lahat ang katangahan ng Presidential sistah.

Doray: Matagal nang usapin ang Achendes Buwisita at ang palagiang nauunsyaming pamamahagi nito sa mga magsasaka. Bilang isang Cowahangco, ano ang masasabi mo rito?

Krizzy: Well I am not a really political person but I guess it is a working progress even before, during my mother's time, the government has been doing its best for land issues naman ahaha.

Doray: In line with that, maraming nagsasabi na ang CARP daw ahh, pambihira nga naman kasing CARP ito, na ipinatupad ng iyong Ina ay mas nakapagpalala lang ng lagay ng mga magsasaka.

Krizzy: Wait. Ano ba ung CARP? Oh my God nakakaloka.

Doray: Ay nakakaloka ka nga haha, ang CARP ano, and for everyone's knowledge na rin, ay isang programa ng administrasyong Achenes kung saan sa halip na lupa, stocks ng kompanyang may-hawak ng lupa ang ibibigay sa mga magsasaka. Hindi ba't nakakaloka, naitatanim ba ang mga stocks? Haha.

Krizzy: Ah ok ok. Oh my God oo nga noh haha. Well, I think kasi before, the stock distribution is the best possible option, kasi diba syempre lupa ang pinag-uusapan dito Doray and hindi yun madali i-let go, parang love lang ahaha. But I'm sure now it will be best na to give the lands to them.

Doray: Ahaha, jumujoke ka pa Krizzy ah. Pero sad to say, hindi pa nga naibibigay ang mga lupa.

Krizzy: Ah really? I thought noong 2012 naibigay na siya. I'm sorry I really did research naman talaga it's just that di rin ako updated ahaha. Anyway, sige go.

Doray: 2012 lamang ipinag-utos ng Corny Echosuprema na ipamahagi na ng Tarlakechi Juvelopment Corporation ang 6,000 ektaryang lupain ng Achendes Buwisita. Ngunit nakababa na sa pwesto ang iyong kapatid at wala pa rin ang lupa sa mga magsasaka.

Krizzy: Wait, I'll state for the record na the TJC is not owned by the Achenes ha, and wala naman talaga ako interest sa business, baka sa showbiz and boys meron pa ahaha.

Doray: Ahaha, nako pareho pala tayo Krizzy, mahilig din sa boys haha. Pero diba, it is owned by your uncle, Jan Di Cowahangco, and also for the same reason kung bakit maraming speculations na familial interest ang dahilan kung bakit kahit may utos na ang Korte ay wala pa ring nangyayari?

Krizzy: I beg to disagree ate Doray. I mean it couldn't just be about the fact na sa family name namin ang TDC, but because my brother Nong has been very busy baka di niya na napagtuunan ng time. And besides, I believe it is the job of the Department of Agri-arayculture to attend to the isyu.

Doray: Ah Ms. Krizzy, hindi po DA ang naghahawak ng isyu about sa Achendes Buwisita. Bilang ang isyu ay sakop ng mga batas pang-agraryo, Department of Agri-arayculture ang may kapangyarihang magpatupad nito.

Krizzy: Ah ganun ba? Haha sorry naman, I thought kasi it is the DA's duty.

Doray: But maiba tayo ano. Ikaw ba Ms. Krizzy, pabor ka ba na ibigay sa mga magsasaka ang lupain ng Achendes Buwisita?

Krizzy: Yes , it should be distributed to them and I believe justice should prevail given na parang matagal na atang nakabinbin yung pag-distribute ng lands. And I think 'di naman kasama ang sugar mill thingy diba

Doray: Ung azukalan ng tiyuhin mo?

Krizzy: Oo un nga, exactly ahaha, ang galing mo ate Doray.

Doray: Ah, Ms. Krizz, I would like to correct na kasama ang azukalan sa mga lupang ipamamahagi dahil nakatirik ang azukalan sa Hacienda. So technically, kasama ang lupa na ipamamahagi, kaya goodbye na azukalan.

Krizzy: Oh really? Oh my God it was not in my research but anyway I still believe na it should be given to the farmers and we can relocate the sugar mill in another land na owned din ng mga Cowahangco.

Doray: Ok, ayan po ang tinig ni Ms. Krizzy, na bihira lang natin marinig mula sa kanya. Maraming salamat Ms. Kryss sa iyong partisipasyon at pagbabahagi ng opinyon at kaalaman sa amin.

Krizzy: Walang anuman Ate Doray, always been my pleasure ahahaha

 22.9K 18K Komento 25.2K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi



Bias ang Arnaenae sa mga Akinoknow



Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 7:32 PM • Novaliches, Quezon City •



Tarantado 'yang mga Artenista na mga iyan. Mga lapastangan at hampaslupa! Napaka-bias nila sa mga Akinoknow! Pumunta ako noong isang araw sa Arnaenae dahil binulungan ako ng piping namamalimos sa kanto na kailangan kong makita ang pagiging bias ng mga Atenista. Dahil dinig na dinig ko ang sinabi ng piping namamalimos, agad kong sinunod ang kaniyang bilin.

Nagbihis ako ng dilaw sa lahat ng bahagi ng aking katawan, mula sa aking saluwal hanggang sa aking medyas at sapatos. Kailangan kong makibahagi sa kanilang pagiging bias dahil kung hindi, maaari akong paalisin sa Arnaenae.

Sa una kong pagtapak sa Arnaenae, hindi ako nahirapang makapasok. Sinalubong ako ng isang gwardiya at ngumiti ito sa akin. Guwardiya pa lang, bias na. Akalin mo iyon, dilaw ang ngipin noong gwardiya! Nang ipagpatuloy ko ang paglalakad, nakasalubong ko ang mga trabahador na nagbubunot ng damo, nagwawalis ng kalsada - lahat nakadilaw! Bias talaga!

Hinanap ko ang malapit na kainan dahil gutom na gutom na ako, mais na dilaw lamang ang kinain ko bilang almusal. Itinuro ako ng estudyanteng mayroong salamin na kulay dilaw (bias talaga) sa isang kantina na kung tawagin ay AMPUTA. Doon, puro dilaw ang putahe: mais na nilaga, curry na pagkadilaw-dilaw, Yellow Rice na mayaman daw sa vitamin Y at Mango Juzijizz. Lahat, puro dilaw, ano ba 'yan?!

Wala akong nagawa kundi kumain dahil gutom na gutom na talaga ako. Nang matapos ang aking kinakain, agad sumakit ang aking tiyan. Agad akong nagtanong kung saan mayroong pinakamalapit na CR. Nang matapos umechas, hindi ko agad nabuhusan dahil walang flush at bidet. Grabe, pati tae ko naging bias. Dilaw ang kulay. At nang ma-flush ko na ito, naihi naman ako, at sa aking gulat pati ang aking ihi, dilaw na rin.

Hindi ko na alam kung ano pang nais kong sabihin tungkol sa impluwensya at pagkahumaling ng Arnaenae sa dilaw. Napaka-bias talaga. Lumabas ako ng palikuran at naglakad papaalis sa Arnaenae sa takot na baka pati ako ay magkaroon ng Yellow Fever. Isinigaw ko ang "Mama sa Panot!" at "Dilaw, Ayaw!" sa mga taong aking nadaanan. Nang papalabas ako ng Arnaenae, nakita ko ang simbolo ng paaralan, ang Blue Eagle. Tinanong ko kung bias sila sa dilaw, bakit hinid na lang Yellow Eagle? Pero, hindi na rin nalalayong maging Yellow Eagle ang maging simbolo ng Arnaenae. Nakita ko ang kulay ng tuka at paa nito, dilaw! Ano't ano pa, bigyan lamang ng ilang mga taon, kakalat iyang dilaw sa tuka at paa patungo sa balahibo ng agila.

Kadiri ka Arnaenae, lahat na lang ng nandiyan ay dilaw. Sipsip talaga kayo sa mga Akinoknow, lalo na kay Abnoy. Isama n'yo na rin yung lokreng na si Krizey pati ang mga abnong anak niya. Magsama-sama lahat kayong mga elitistang dilaw! Anong Blue Eagle the King? Yellow Eagle the Bias, mga tarantado!




14.2K 19K Komento 18.1K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi



Agnes Langit Lakas ng loob ni kuya boy, post pa sa fb ng pot session haha #highnadis #userakowagtularan #restinpeace hahahaha deds ka na kuya dahil dito. Babuh!

Gusto ko ito Mag-reply 666 5 oras



Dominador Rosales Pare, sarap ng session kanina haha. Sana di tayo mahuli, di naman ako manlaban eh ahaha

Gusto ko ito Mag-reply 666 9 oras



Amir Reyes Haha sige lang pare, jutes pa more haha. Kita-kits na lang sa finals haha

Gusto ko ito Mag-reply 666 11 oras



Mochang Tanga Blog
Lunes, Agosto 1 ng 7:32 PM • Novaliches, Quezon City •



Nagdagdag ang **Blue Indie Komiks** ng 2 bagong Litrato sa album na **EJK at South China Sea**
Hul 31 at 6:04 PM

















 12.3K 10K Komento 19.1K na pagbabahagi

Gusto ko ito Komento Ibahagi



Mochang Tanga + Blue Indie Komiks



Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 7:32 PM • Novaliches, Quezon City •






Mochang Tanga Blog

Lunes, Agosto 1 ng 7:32 PM • Novaliches, Quezon City •




Nagdagdag ang **Blue Indie Komiks** ng 3 bagong litrato sa album na **Pacman**

Hul 31 at 6:04 PM









12.3K 10K Komento 19.1K na pagbabahagi

 Gusto ko ito  Komento  Ibahagi



Mochang Tanga Blog added 8 photos to the album: **FWB (Friends, ‘Wag Muna Bayan) Twitter Screenshots**
Hul 31 at 8:04 PM

FWB (Friends, ‘Wag Muna Bayan)

#PalpakPolitikaSerye

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarlny
Dudirty: “Mahal, uunahin ko ang kapakanan mo. Ipagtatanggol kita sa kahit kanino. Sa’yo lamang ang puso ko, Killingpinas.”
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Kinilig ang dalaga. Umabot hanggang tainga ang ngiti na sinundan ng matatamis na salita. Killingpinas: “Mahal,oo, tayo na.”
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Nahulog ang loob ni Killingpinas kay Dudirty. Nagyakap sila ngunit kakaiba ang ngiti ni Dudirty: may ipinapahiwatig. #DudirtyDirtySecret
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Nasusunod ang plano ni Dudirty: makuha si Killingpinas, kontrolin, at gamitin siya pati ang mga kaibigan nito.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Kasama na rin sa plano ang paggamit sa yamang hindi pa natutuklasan ng dalaga.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Hinatid ni Rude Dudirty si Killingpinas sa bahay niya matapos ang kanilang date.
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Sinalubong sila ng galit na ina ni Killingpinas: si Antikilling.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Antikilling: “Hindi ba sabi ko ‘wag mo lapitan ang anak ko?” #BeastmodeSiMotherNature
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Killingpinas: “Sige na Rude. Umalis ka na. Magkita na lang tayo bukas. I love you.” #KenekelegAkuh
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Agad namang umalis si Rude. Buong akala ni Killingpinas, umuwi na siya sa kanila para magpahinga ngunit, may iba pala itong pupuntahan.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Antikilling: “Sabi ko, ‘wag mo na lapitan si Rude, ‘di ba? May apat pang ibang nanliligaw sa’yo. May masama ‘yang si Rude balak sa’yo!”
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Killingpinas: “Wala ka nang magagawa. Nagmamahalan kami!” #DiNaNatuto
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Hindi na umimik ang ina dahil alam niyang hindi naman makikinig si Killingpinas.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Kumagat ang gabi at natutulog na si Killingpinas. Samantala, kasama ni Rude sa bar ang matagal nang kaaway ni Killingpinas: si Blengbleng Marko.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Matagal na palang may itinatagong relasyon ang dalawa #DudirtyDirtySecret
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Dudirty: “Sinagot na ako ni Killingpinas. Panahon na para ipakilala kita bilang aking kaibigan. Hindi niya malalaman ang totoo.”
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Blengbleng: “Pero matagal na siyang galit sa akin.”
20/11/16 21:28

Harley Barley @harleybarney
Dudirty: “Bulag siya sa pagmamahal at pagtitiwala. Matatanggap niya iyon.”
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Dudirty: “Gagawin pa kitang ninong sa kasal. Aalisin ko si Keni, alam ko namang kaaway mo siya.” Ngumiti si Blengbleng na tila may ipinapahiwatig.
20/11/16 21:28

Harley Barley @harleybarney
Dudirty: “Alam mo namang ikaw ang tunay kong mahal. Ikaw muna bago ang lahat.” #MayForeverMgaBeh
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Dudirty: “Kailangan bumuti ang buhay natin. Tara, sabay nating gamitin at sirain si Killingpinas.”
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

●●●●● GLOBE 21:33

Tweet

Harley Barney @harleybarney
Nagpalitan ng matatamis na ngiti at yakap ang dalawa. Inumaga sila sa pagsayaw, pagtawa at pagplano ng masama para kay Killingpinas.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Habang sa kanyang bahay, nangangarap si Killingpinas ng magandang buhay kasama si Rude.
20/11/16 21:28

Harley Barney @harleybarney
Lingid sa kaniyang kaalaman, ibang buhay pala ang plano ni Rude - masaganang buhay kasama si Blengbleng. #ArayKoBeh
20/11/16 21:28

Reply to XXX

Timeline | 8 Notifications | Messages | Me

 20.1K | 19K Komento | 18.3K na pagbabahagi

 Gusto ko ito |  Komento |  Ibahagi



Tungkol sa Pahina

Tungkol sa MOCHANG TANGA BLOG

Magmungkahi ng mga Pag-edit

Impormasyon ng Pahina



IMPORMASYON NG PAHINA

Maikling Paglalarawan	FOR YOUR INQUIRY - themochangtangablog@gmail.com
Kabuuang Ideya ng Kumpanya	MOCHANG TANGA PRODUCTION
Email	mochangtangamanager@gmail.com
Website	http://twitter.com/mochangtanga

Ang Tanganglawin ang taunang mapanuyang publikasyon o lampoon ng Matanglawin Ateneo — Ang opisyal na pahayagang pangmagaaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Tumatayo ang Matanglawin para sa malaya at mapagpalayang pagbibigay ng boses sa mga marhinalisado.

Sa Tanganglawin, nais ng pahayagang itatak ang mga problemang panlipunan sa isip ng mga Atenista at mga Filipino sa pamamagitan ng makatawag pansing paraan ng pagpapatawa.

Nais din ng publikasyong ipakita, sa pamamagitan ng Tanga, gamit ang mga isyung binigyan ng mapanuksong pagsusulat, na hindi nalalayo ang katotohanan sa katatawanan. Nakakapagpatawa pa rin ito, kahit na puno na ang mismong mga balita ng mga nakakapagpabagabag at problematikong isyu.

Maaaring sundan ang Matanglawin Ateneo sa mga sumusunod na mga pahina:

Facebook: https://www.facebook.com/MatanglawinAteneo | Matanglawin Ateneo
Twitter: @MatanglawinADMU | Matanglawin Ateneo
Email: matanglawin.ateneo@gmail.com

Ang Matanglawin ay bahagi ng Kompederasyon ng mga Publikasyon ng Pamantasang Ateneo de Manila. Tumatanggap ang publikasyon ng mga aplikante sa kahit anong petsa ng taon, sa ilalim ng pasya ng pamunuan.

Mamulat. Magmulat. Maging Tanglaw.

Matanglawin.

